REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
UL Complex, Meralco Avenue
Pasig, Metro Manila

April 13, 1999

**TANGGAPAN NG KALIHIM**
**(OFFICE OF THE SECRETARY)**

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
BLG. 164, s., 1999

**PAMBANSANG PAGSASANAY PARA SA MGA TAGAPAGSANAY SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA ANTAS SEKONDARYA**

**Sa mga:** **Panrehiyong Direktor**
**Tagapamanihala ng mga Paaralan**

1. Ang Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya sa pamamagitan ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum ay magtataguyod ng 8-araw na pagsasanay para sa mga magiging tagapagsanay sa pagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya sa Agosto 7-14, 1999 sa Lungsod ng Tagaytay sa Cavite.

2. Ang gawain ay naglalayong makabuo ng isang pangkat ng mga tagapagsanay na tutulong upang mairepokus ang pagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa kaalaman ng mga guro sa kontent at mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo ng asignatura.

3. Lalahukan ng 16 na mga Panrehiyong Tagamasid sa Filipino at 16 na mga Pandebisyong Tagamasid sa Filipino (isa sa bawat rehiyon) ang nabanggit na gawain. Hinihilingan ang bawat kalahok na magdala ng kani-kanilang panrehiyon at pandibisyong programa ng mga gawaing (pagpapaunlad pangkurikulum, pangkaguruan at pang-mag-aaral) kasalukuyang ipinatutupad at sipi ng PSSLC ng Filipino.

4. Bagamat ang mga gugulin para sa akomodasyon, pagkain, at mga kagamitang pampagsasanay ay magmumula sa pondo ng Kawanihan, ang magagastos naman ng mga kalahok para sa transportasyon mula sa kani-kanilang taggapan hanggang sa lugar ng pagsasanay at pabalik ay manggagaling sa pondong lokal at sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

5. Ang bawat kalahok ay inaasahang nasa Punong Tanggapan ng DECS sa Sabado, Agosto 7, 1999 sa ganap na 8:00 ng umaga. Sa iba pang mga impormasyong may kinalaman sa gawain, mangyaring makipag-ugnayan lamang kay G. Arturo S. Cabuhat ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum, Kawanihan ng Edukasyog Sekondarya o tumawag sa telepono bilang 632-77-46.

6. Hinahangad ang madaliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Andrew Gonzalez

**ANDREW GONZALEZ, FSC**
Kalihim

**Sanggunian**
**Wala**

**Pamumudmod 1—(D O 50 97)**

**Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa Ilalim ng mga sumusunod na paksa**

**Course of Study, SECONDARY TRAINING PROGRAMS**